

4 NA MGA SIMPLENG HAKBANG PARA MAGHANDA SA SUNOG SA PARANG

Karamihan sa mga tao ay may plano kung ano ang kanilang gagawin kung may sunog sa parang. Sa pamamagitan ng pagpapalano, mayroon kang mas mabuting pagkakataon na makaligtas sa sunog sa parang.

Bagaman gagawin ng mga bumbero at pang-emerhensyang serbisyo ang lahat ng magagawa para tulungan ka, walang garantiya na mayroong magagamit na trak para sa sunog kung kailangan mo.



Katungkulan mo na maghanda sa iyong sarili, iyong bahay at iyong pamilya.

Sundin itong apat na mga simpleng hakbang para matiyak mo at ng iyong pamilya ang mga aksyong gagawin sakaling may sunog na nakaamba:



1. PAG-USAPAN

Malaman kung ano ang iyong gagawin at ng iyong pamilya kung sakaling may sunog na nakaamba sa iyong bahay o ari-arian.



2. MAGHANDA

Ihanda ang iyong bahay at ari-aran para sa panahon ng tag-sunog sa parang, sa pamamagitan ng pagtatabas ng mababa ang damuhan at paglilinis sa kapaligiran ng iyong bahay.



3. ALAMIN

Maging alam ang Mga Lebel ng Panghudyat (Bush Fire Alert Levels) at Antas ng Panganib ng Sunog (Fire Danger Rating). Ito ang magbibigay sa iyo ng palatandaan kung gaano kapanganib na ang sunog na malapit sa iyo.



4. IPAGPANATILI

Sa sunog sa parang, ipanatiling bago ang iyong balita sa sitwasyong nagaganap sa iyong lugar. Mahalagang hindi lang iisa ang iyong pinagkukunan ng impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon kung ano ang magagawa mo para maghanda sa sunog sa parang:

Website ng NSW Rural Fire Service

www.rfs.nsw.gov.au
www.myfireplan.com.au

Ang pinakamalapit mong

NSW RFS Fire Control Centre:

Numerong Pang-impormasyon sa Sunog sa Parang

(Bush Fire Information Line)

1800 NSW RFS (1800 679 737)



MAGHANDA. > KUMILOS. > MAKALIGTAS.

NSW RURAL FIRE SERVICE